

TABLE OF SPECIFICATIONS
(TALAAN NG ISPESIPIKASYON)
THIRD QUARTER IN
(IKATLONG MARKAHAN SA)
QUARTER 3
ACADEMIC YEAR 2025-2026

SUBJECT	MAKABANSAS	ACT		MATATAG CURRICULUM												ACADEMIC YEAR			
				3 RD PERIODICAL TEST												2025-2026			
GRADE	2			3 RD PERIODICAL TEST												2025-2026			
C O D E S	LEARNING COMPETENCIES <i>(INCLUDE CODES IF AVAILABLE)</i>	UAL INST RUC TION S (DAY S)	WEI GHT (%)	REVISED BLOOM’S TAXONOMY LEVEL OF COGNITIVE DIMENSION												TOTAL NUMBER OF TEST ITEMS			
				REMEMBERING		UNDERSTANDING		APPLYING		ANALYZING		EVALUATING		CREATING					
				NOI	POI	NOI	POI	NOI	POI	NOI	POI	NOI	POI	NOI	POI	NOI	POI	ACTUAL	ADJUSTED
1	1. Natatalakay ang iba’t ibang uri ng kabuhayan tulad ng agrikultural, industriyal, pampinansyal, at panserbisyo	16	33.34 %	5	1,2,3,4,5	5	6,7,8,9,10									9.99	10		
2	2. Nailalarawan ang pamumuhay at mga serbisyo ng kinabibilangang komunidad	14	33.34 %	5	11,12,13,14,15					4	16,17,18,19			1	20	9.99	10		
3	3. Napahahalagahan ang paraan ng pamumuhay at mga serbisyo sa kinabibilangang komunidad	14	33.34 %			3	21,22,23	5	24,25,26,27,28			2	29,30			9.99	10		
	TOTAL	40	100 %	10		8		5		4		2		1		30	30		
Prepared by								Initial Content Validation						Final Validation					




IKATLONG MARKAHAN sa
MAKABANSA 2-TAGALOG VERSION

PANGALAN: _____ MARKA: _____

BAITANG AT SEKSYON: _____ PETA: _____

PANUTO: Basahin ng mabuti ang bawat tanong, at piliin ang tamang sagot. Isulat sa malinis na papel.

1. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng kabuhayang agrikultural?




2. Ang paggawa ng mga kasangkapan, sasakyan, o damit ay kabilang sa kabuhayang _____.



3. Ang mga bangko at kooperatiba ay halimbawa ng kabuhayang _____.



4. Alin sa mga sumusunod ang kabilang sa kabuhayang panserbisyo?




5. Ang paggawa ng mga produktong mula sa hilaw na materyales ay ginagawa sa kabuhayang _____.




6. Si Aling Nena ay nagtatanim ng mga gulay sa kanilang bakuran at ibinebenta ito sa palengke. Anong uri ng kabuhayan ang ginagawa niya?



7. Si Mang Tony ay nagtatrabaho sa pabrika ng sapatos. Ano ang uri ng kanyang kabuhayan?



8. Ang guro ay nagtuturo sa mga bata upang matuto. Anong uri ng kabuhayan ang kanyang ginagawa?



9. Ang bangko ay tumutulong sa mga tao na mag-impok ng pera. Anong uri ng kabuhayan ito?



10.Si Mang Carlo ay gumagawa ng mga muwebles sa kanilang maliit na pagawaan. Alin ito sa mga uri ng kabuhayan?



11.Ano ang tawag sa lugar kung saan naninirahan ang mga tao?

- a. Paaralan
- b. Komunidad
- c. Palengke
- d. Barangay Hall

12.Sino ang namumuno sa isang barangay?

- a. Punong Barangay
- b. Kapitan ng barko
- c. Alkalde
- d. Presidente

13.Alin sa mga sumusunod ang serbisyong ibinibigay ng komunidad?

- a. Pagluluto ng pagkain sa bahay

- b. Paglilinis ng kalsada
 - c. Pagtatanim ng bulaklak sa paso
 - d. Paglalaba ng damit
14. Saan dinadala ang mga taong may sakit sa komunidad?
- a. Eskwelahan
 - b. Bahay
 - c. Health Center
 - d. Barangay Hall
15. Ano ang tawag sa mga taong nagbibigay ng tulong at serbisyo sa kanilang komunidad?
- a. Mamamayan
 - b. Guro
 - c. Manggagawa
 - d. Tagapangalaga ng kapaligiran
16. Si Mang Jose ay isang tanod na nagbabantay tuwing gabi upang masiguro ang kaligtasan ng mga residente. Anong serbisyo ang kanyang ibinibigay?
- a. Serbisyong pangkalusugan
 - b. Serbisyong pangkapayapaan at kaligtasan
 - c. Serbisyong pang-edukasyon
 - d. Serbisyong pampinansyal
17. Ang mga guro ay nagtuturo sa mga bata sa paaralan. Anong uri ng serbisyo ito?
- a. Serbisyong pangkaligtasan
 - b. Serbisyong pangkalusugan
 - c. Serbisyong pang-edukasyon
 - d. Serbisyong pangkabuhayan
18. Sa inyong komunidad, may naglilinis ng kanal at nagwawalis ng kalsada. Ano ang layunin ng serbisyong ito?
- a. Mapanatiling malinis at maayos ang kapaligiran
 - b. Maging masaya ang lahat ng tao
 - c. Makapaglaro ang mga bata sa kalye
 - d. Magkaroon ng mas maraming basura
19. Si Aling Rosa ay nurse sa health center. Bakit mahalaga ang kanyang trabaho?
- a. Upang magturo ng mga bata
 - b. Upang pagalingin at tulungan ang mga maysakit
 - c. Upang gumawa ng pagkain
 - d. Upang magtanim ng gulay
20. Bakit kailangang magtulungan ang mga mamamayan sa komunidad?
- a. Upang mas mapabilis ang mga gawain at serbisyo
 - b. Upang mag-away sa opinyon
 - c. Upang magpatayo ng sariling bahay
 - d. Upang hindi tumulong sa iba
21. Ang mga mamamayan sa isang komunidad ay nagtutulungan sa paglilinis ng paligid. Ano ang ipinakikitang katangian nila?
- a. Katamaran
 - b. Pagkakaisa at pagtutulungan
 - c. Pagtatalo
 - d. Pag-aaway
22. Bakit mahalagang pahalagahan ang mga serbisyong ibinibigay sa ating komunidad?
- a. Dahil libre ito
 - b. Dahil nakatutulong ito sa kaginhawaan at kaligtasan ng lahat
 - c. Dahil gusto natin ng bagong proyekto
 - d. Dahil ayaw natin magtrabaho

23. Ano ang paraan upang maipakita ang pagpapahalaga sa mga tagapaglingkod sa komunidad?
 - a. Balewalain sila
 - b. Tumulong at sumunod sa mga patakaran
 - c. Magreklamo sa kanila
 - d. Tumawa lamang kapag may ginagawa sila
24. Nakita mo na naglilinis ng kanal ang mga tagalinis ng barangay. Ano ang nararapat mong gawin?
 - a. Manood lang sa kanila
 - b. Tumulong o magbigay ng inumin bilang pasasalamat
 - c. Magtapon ng basura muli
 - d. Tumawa habang nagtatrabaho sila
25. Dumating ang mga nurse sa health center upang magbigay ng libreng bakuna. Paano mo ipapakita ang pagpapahalaga?
 - a. Iwasan ang pumunta sa health center
 - b. Magpasalamat at sundin ang mga tagubilin nila
 - c. Tumakbo palayo
 - d. Magsinungaling tungkol sa edad
26. May batang natapilok sa kalsada. Anong dapat mong gawin bilang kabahagi ng komunidad?
 - a. Tawagin ang barangay o dalhin sa health center
 - b. Pabayaang lang
 - c. Tignan at umalis
 - d. Maglaro na lang sa tabi
27. Ang inyong barangay ay may proyekto tungkol sa pagtanim ng puno. Paano ka makikilahok?
 - a. Magtanim din ng puno at maglinis sa paligid
 - b. Magtago sa bahay
 - c. Magreklamo sa punong barangay
 - d. Putulin ang bagong tanim na puno
28. Si Aling Maria ay nagtuturo sa mga bata kahit sa bahay. Ano ang maipapakitang pagpapahalaga mo sa kanya?
 - a. Hindi siya pansinin
 - b. Tumulong at makinig nang mabuti
 - c. Mag-ingay habang nagtuturo
 - d. Umuwi agad
29. Kung may mga batang nagtapon ng basura sa kalsada, ano ang pinakamagandang gawin ng isang batang may malasakit sa komunidad?
 - a. Gayahin sila
 - b. Sabihan silang itapon sa tamang basurahan at tumulong maglinis
 - c. Manahimik na lang
 - d. Magalit nang malakas
30. Sa iyong palagay, bakit kailangang pahalagahan ang pamumuhay at mga serbisyo sa ating komunidad?
 - a. Upang mapanatiling maayos, ligtas, at maganda ang ating pamumuhay
 - b. Para makilala tayo ng ibang bansa
 - c. Para makapagpasikat sa mga kapitbahay
 - d. Para hindi magtrabaho ang iba

SAGOT AT RASYONAL

1. **b. Magsasaka ng palay**

Rasyonal: Ang kabuhayang agrikultural ay tumutukoy sa paghahalaman, pagsasaka, at pag-aalaga ng hayop upang makuha ang pagkain o iba pang produkto mula sa lupa.

2. **b. Industriyal**

Rasyonal: Ang paggawa ng mga kasangkapan, sasakyan, at damit ay uri ng industriyal na kabuhayan dahil ito ay paggamit ng hilaw na materyales upang gumawa ng produkto.

3. **c. Pampinansyal**

Rasyonal: Ang mga bangko at kooperatiba ay nagbibigay ng serbisyo sa pera, pautang, at iba pang transaksyong pampinansyal.

4. **c. Tagalinis sa paaralan**

Rasyonal: Ang kabuhayang panserbisyo ay nagbibigay ng tulong o serbisyo sa tao, tulad ng paglilinis, pagtuturo, o pag-aalaga ng kalusugan.

5. **a. Industriyal**

Rasyonal: Ang paggawa ng produkto mula sa hilaw na materyales ay kabilang sa industriyal na kabuhayan, gaya ng paggawa ng kasangkapan o damit.

6. **c. Agrikultural**

Rasyonal: Si Aling Nena ay nagtatanim ng gulay at nagbebenta, kaya ang kanyang kabuhayan ay agrikultural.

7. **a. Industriyal**

Rasyonal: Ang paggawa ng sapatos sa pabrika ay industriyal na kabuhayan dahil ito ay proseso ng paggawa ng produkto.

8. **d. Panserbisyo**

Rasyonal: Ang pagtuturo ng guro ay serbisyong panserbisyo dahil ito ay nagbibigay ng edukasyon at tulong sa pagkatuto ng mga bata.

9. **a. Pampinansyal**

Rasyonal: Ang bangko ay nag-aalok ng serbisyong pampinansyal, tulad ng pagtanggap ng deposito at pagpapautang.

10. **a. Industriyal**

Rasyonal: Ang paggawa ng muwebles mula sa kahoy ay industriyal

na kabuhayan dahil ito ay paggawa ng produkto mula sa hilaw na materyales.

11. **b. Komunidad**

Rasyonal: Ang komunidad ang lugar kung saan naninirahan ang mga tao at may iisang pamumuhay o organisasyon.

12. **a. Punong Barangay**

Rasyonal: Ang punong barangay ang namumuno sa pamamahala ng barangay.

13. **b. Paglilinis ng kalsada**

Rasyonal: Serbisyo ng komunidad ay anumang gawaing naglilingkod sa kapwa at nakakatulong sa kapaligiran.

14. **c. Health Center**

Rasyonal: Ang mga taong may sakit ay dinadala sa health center upang mabigyan ng lunas at pangangalaga.

15. **c. Manggagawa**

Rasyonal: Ang mga manggagawa ay nagbibigay ng tulong at serbisyo sa komunidad, tulad ng guro, nurse, o tagalinis.

16. **b. Serbisyong pangkapayapaan at kaligtasan**

Rasyonal: Ang tanod ay nagbabantay at nagpapanatili ng kaayusan at kaligtasan ng komunidad.

17. **c. Serbisyong pang-edukasyon**

Rasyonal: Ang pagtuturo sa paaralan ay serbisyo na nagbibigay kaalaman sa mga bata.

18. **a. Mapanatiling malinis at maayos ang kapaligiran**

Rasyonal: Ang paglilinis ng kanal at kalsada ay naglalayong mapanatili ang kalinisan at kaayusan ng komunidad.

19. **b. Upang pagalingin at tulungan ang mga maysakit**

Rasyonal: Mahalaga ang trabaho ng nurse dahil nakakatulong siya sa kalusugan ng mga tao.

20. **a. Upang mas mapabilis ang mga gawain at serbisyo**

Rasyonal: Ang pagtutulungan ng mamamayan ay nakakatulong sa mabilis at maayos na pagganap ng gawain sa komunidad.

21. **b. Pagkakaisa at pagtutulungan**

Rasyonal: Ang pagtutulungan sa paglilinis ay nagpapakita ng pagkakaisa at pagtutulungan ng mga mamamayan.

22. **b. Dahil nakatutulong ito sa kaginhawaan at kaligtasan ng lahat**

Rasyonal: Mahalaga ang pagpapahalaga sa serbisyo dahil ito ay nagbibigay ng benepisyo at kaligtasan sa komunidad.

23. **b. Tumulong at sumunod sa mga patakaran**

Rasyonal: Maipapakita ang pagpapahalaga sa tagapaglingkod sa pamamagitan ng pagtulong at pagsunod sa kanilang patnubay.

24. **b. Tumulong o magbigay ng inumin bilang pasasalamat**

Rasyonal: Ang pag-alok ng tulong o pasasalamat ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa kanilang serbisyo.

25. **b. Magpasalamat at sundin ang mga tagubilin nila**

Rasyonal: Ang paggalang at pagsunod sa health workers ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa kanilang serbisyo.

26. **a. Tawagin ang barangay o dalhin sa health center**

Rasyonal: Bilang miyembro ng komunidad, responsibilidad na tulungan ang batang nasaktan at tiyaking makakagamot siya.

27. **a. Magtanim din ng puno at maglinis sa paligid**

Rasyonal: Ang aktibong pakikilahok sa proyekto ay nagpapakita ng malasakit at responsibilidad sa komunidad.

28. **b. Tumulong at makinig nang mabuti**

Rasyonal: Ang pakikinig at pagtulong ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa guro kahit sa bahay nagtuturo.

29. **b. Sabihan silang itapon sa tamang basurahan at tumulong maglinis**

Rasyonal: Ang tamang aksyon ay itama ang mali at tumulong mapanatili ang kalinisan sa komunidad.

30. **a. Upang mapanatiling maayos, ligtas, at maganda ang ating pamumuhay**

Rasyonal: Ang pagpapahalaga sa pamumuhay at serbisyo ay nagtitiyak ng kaayusan, kaligtasan, at kaginhawaan ng lahat sa komunidad.

School Address

School Contact Number

PANGALAN: _____ MARKA: _____

BAITANG AT SEKSYON: _____ PETA: _____

SAGUTANG PAPEL (OPSYONAL GAMITIN)

1.	11.	21.
2.	12.	22.
3.	13.	23.
4.	14.	24.
5.	15.	25.
6.	16.	26.
7.	17.	27.
8.	18.	28.
9.	19.	29.
10.	20.	30.



Address

School

School Contact Number